Dahil sa inyong mga kasalanan ay karapat-dapat din kayong mamatay. Sabi sa Mga Taga Roma 6 talata 23: „Sapagka't ang kabayaran ng ang kasalanan ay kamatayan."

Ngunit ang Panginoong Hesus, ang Anak ng Dios, ay nagmamahal Sa iyo. Iniwan Niya ang langit upang mamatay para sa iyo sa krus. Tiniis Niya ang paghatol para sa iyong kasalanan. Kung ipagtatapat mo ang inyong mga kasalanan sa Panginoong Hesus ay Patatawarin ka Niya. Balang-araw ay makakasama mo Siya sa langit magpakailanman.

**Hinihintay Niya kayo. Nais Niyang iligtas kayo mula sa walang-hanggang kamatayan.**

Basahin natin ang dulo ng talata: „... ngunit ang kaloob ng Dios ay buhay na walang hanggan kay Cristo Hesus na ating Panginoon." Mga Taga Roma 6:23

© 2023 by GBV printed in Germany

**GBV Dillenburg GmbH**
Eiershäuser Straße 54
35713 Eschenburg
GERMANY
www.gbv-dillenburg.de
www.gbv-online.org

**GRACE AND TRUTH**
San Pablo City, Laguna
biblicalanswersphilippines@gmail.com
+63 (0) 906 477 9552 (English)
+63 (0) 950 358 3071 (Filipino)

**ISBN 978-3-96162-676-2**

GBV 148 5320 Through Love Tagalog/Filipino

*Narito ang ilang talata sa Biblia na nagpapahayag tungkol sa pagmamahal ng Panginoong Jesus sa lahat ng tao, kasama ka. Kumuha ng lapis at gumuhit ng mga linyang mag-uugnay sa dalawang bahagi ng isang talata.*

Juan 3 talata 16
Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak,...

Lucas 19 talata 10
Sapagka't ang Anak ng Tao ay naparito upang hanapin at iligtas ang...

Mga Taga Efeso 5 talata 2
Gaya rin naman ng pag ibig ni Cristo sa atin...

1. Juan 1 talata 9
Kung ipapahayag natin ang ating mga kasalanan, Siya ay tapat at makatarungan...

Mga Awit 115 talata 4 at 5
Ang kanilang mga diyus-diyosan ay pilak at ginto, Sa kanila'y mga kamay nitong tao ang nag ayos...

... upang patawarin tayo sa ating mga kasalanan at linisin tayo mula sa lahat ng kasamaan.

... at ibinigay ang Kanyang Sarili para sa atin.

... Mayroon silang mga bibig, subalit hindi sila nagsasalita; May mga mata, ngunit hindi sila nakakakita.


...nawawala.

... Upang sinumang sa Kanya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.




Tinatawag ng inahin ang kanyang mga sisiw. Aling landas ang dapat nilang tahakin upang matagpuan sya?

# Sa Pamamagitan ng Pagmamahal



GBV



Siya ay si Tunde. Nakatira siya sa isang bukirin. Gustung-gusto niya ang kalikasan at mga hayop na nakatira sa bukid.

Isang araw ginulat siya ng kanyang mga magulang ng isang sisiw. Masaya si Tunde. Mainit, malambot at buhay na buhay ang sisiw.



Inaalagaan ni Tunde ang sisiw ng mag-isa. Lumaki ng lumaki ang sisiw, hanggang sa maging isang inahin. Ang dilaw na balahibo ay naging puting balahibo. Kaya tinawag ni Tunde ang kanyang inahin na „Mrs. White“. Gustung-gustong makipaglaro ni Tunde kay Mrs. White. Kapag tinatawag niya ito, agad itong lumalapit.



Isang araw nagulat siya na nakita niya ang isang bagay na nasa sulok ng malambot na dayami. Ano sa palagay ninyo ang nangyari?



Naging kapaki-pakinabang si Mrs. White! Ito ay nangitlog! Mula nang araw na iyon ay araw-araw na itong nangingitlog. Naghanda si Tunde ng magandang pugad para sa kanya mula sa lumang basket. Tuwing ito ay nangingitlog ay nakapugak..



Halos patapos na ang tag-init at ang mga bukirin ay handa na para sa ani. Ngunit paano na si Mrs. White? Kakaiba ang kanyang pag-uugali. Madalas siyang maglaho, at madalas na ito ay nasa bukirin. Tumigil na ito sa pangingitlog. Ngunit tumawa lang ang ina ni Tundes na nagsasabing: „Maging matiyaga. Sa loob ng tatlong linggo malalaman mo kung bakit.“

Mahirap iyon para kay Tunde. Isa, dalawa, tatlong linggo ang lumipas. Isang araw naglakad si Tunde patawid sa bakuran at hulaan nyo kung ano ang nakita niya! Mrs. White pabalik mula sa bukirin, ngunit hindi nag-iisa ...




Ngayon naunawaan ni Tunde kung ano ang ginagawa ni Mrs. White sa bukid. Alam mo rin ba ito? Ngayon ay napakasaya niya dahil may buong pamilya siya ng mga manok!

Isang araw nagpatunog ng alarma ang tatay ni Tunde. Isang haliging usok ang papalapit ng palapit sa bukid. Nasusunog ng apoy ang bukid! Tumulong ang lahat na maghukay ng kanal sa paligid ng bahay para pigilan ang apoy.



Naisalba ang bahay kahit na may malaking pinsala ito. Pero nasaan ang pamilya ng manok ni Tunde? Naghanap siya sa lahat ng dako, tinawag niya ng tinawag ang mga ito – ngunit walang sagot. Nagpunta siya sa bukid at ano ang nakita niya? Siya ay yumuko...

Sa kanyang harapan ay nakahandusay ang inahin. Patay na siya! Pero nasaan ang maliliit na sisiw?



Pagkatapos ay nakarinig siya ng sumisiyap. Nang hawakan ni Tunde ang patay na inahin, lahat ng maliliit ng mga sisiw ay tumatakbo mula sa ilalim niya, takot ngunit buhay.

Ano ang nangyari? Nang makita ni Mrs. White ang panganib, tinawag niya ang kanyang maliit na sisiw palapit sa kanya at ibinukang pataklob nya ang kanyang mga pakpaksa kanila. Nilamon sya ng apoy ngunitnaligtas ang kanyang mga sisiw.

Ibinigay niya ang kanyang buhay para sa kanyang mga anak.